## ANO ANG LINGGO NG PAG-IWAS SA PANDARAYA SA MEDICARE?

Ang Linggo ng Pag-iwas sa Pandaraya sa Medicare ay nakatuon sa mga aksiyong maisasagawa ng *lahat* para maiwasan ang pandaraya, pagkakamali, at pang-aabuso sa Medicare.



SMP
Senior Medicare Patrol
Preventing Medicare Fraud

## Tungkol sa SMP

Ang mga Tagapagbantay sa Medicare ng Nakakatanda (Senior Medicare Patrol, SMP) ay nagbibigay ng kakayahan at tulong sa mga benepisyado ng Medicare, sa kanilang mga pamilya, at mga tagapagbigay-alaga para umiwas, tumukoy, at mag-ulat ng pandaraya, pagkakamali, at pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan.



Sa bawat araw ng linggo, may bagong matututunan ang mga benepisyado, tagapagbigay-alaga, pamilya, propesyonal, provider ng pangangalagang pangkalusugan, at ang buong komunidad!

Alamin kung paano ninyo mapoprotektahan ang inyong sarili at mga mahal sa buhay laban sa pandaraya sa Medicare, samahan ang SMP sa linggo ng Pag-iwas sa Pandaraya sa Medicare!

## Makipag-ugnayan sa SMP

www.smpresource.org

info@smpresource.org

1-877-808-2468

### Ituloy Natin ang Ating Ugnayan!

**Subaybayan ang SMP sa social media**

# LINGGO NG PAG-IWAS SA PANDARAYA SA MEDICARE

SMP
Senior Medicare Patrol
Preventing Medicare Fraud

**GAGANAPIN SA LINGGO SIMULA HUNYO 5 ANG LINGGO NG PAG-IWAS SA PANDARAYA SA MEDICARE!**

## MGA BENEPISYADO


Ang pinakamabisang paraan para hindi mangyari ang pandaraya ay iwasan ito sa simula pa lang. Tandaan ang tatlong hakbang mula sa SMP: Umiwas, Tumukoy, Mag-ulat!

- **Umiwas:** Buksan at basahin ang inyong mga statement sa Medicare.
- **Tumukoy:** Maghanap ng mga bagay tulad ng dobleng pagsingil o serbisyong hindi ninyo natatandaan.
- **Mag-ulat:** Makipag-ugnayan sa SMP kung may tanong o alalahanin.

## MGA TAGAPAG-ALAGA

Alamin kung paano iwasan at tukuyin ang pandaraya, pagkakamali, at pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan, at turuan ang inyong kliyente o mga mahal sa buhay kung paano.

Maghanap ng mga bagay tulad ng mga kahon ng brace sa tuhod (durable medical equipment, o DME) na nakakalat sa bahay. Maaaring pahiwatig ito na nabiktima ng isang scam ang inyong kliyente o mahal sa buhay.



## MGA PAMILYA

Sabihan ang inyong mga mahal sa buhay na protektahan ang kanilang Medicare number tulad ng ginagawa nila sa credit card number.

Tulungan ang inyong mga mahal sa buhay na gumawa ng Medicare.gov account para i-access ang kanilang mga claim sa Medicare online o ipaalala sa kanila na buksan at suriin ang mga statement nila kapag dumating na ang mga ito sa koreo kada tatlong buwan.

## MGA KAAKIBAT AT PROPESYONAL

Para ipagdiwang ang Linggo ng Pag-iwas sa Pandaraya sa Medicare, ibahagi ang impormasyon ng SMP sa social media, mag-refer ng mga kliyente at consumer sa SMP, at imbitahan ang SMP na magsalita sa isang event.

## MGA PROVIDER NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Para ipagdiwang ito, makipag-usap sa mga pasyente tungkol sa mga scam na kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan gaya ng mga may kinalaman sa scheme sa durable medical equipment at genetic testing. Ang mga kailangang medikal na gamit ay hindi dapat iorder kailanman sa pamamagitan ng ad sa TV o ng di-inaasahang tawag sa telepono.



## KOMUNIDAD

Para makilahok bilang isang komunidad, puwede nating bantayan ang ating mga nakakatandang kapitbahay at miyembro ng komunidad.

**Humiling ng libreng Pansubaybay ng Pangangalagang Pangkalusugan Ko (My Health Care Tracker) sa inyong SMP.**